c/o Jean Taga

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

**MEMORANDUM**

DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY, 7100
RELEASED
JUN 22 2018
DATE:

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya
Tagapag-ugnay ng Filipino

Mula sa : Opisina Ng Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa : **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Petsa : Hunyo 18, 2018

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 at sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay makikiisa sa pagdiriwang ng **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018** para sa mga gawain ng buong buwan ng Agosto**.** Ang tema ng pagdiriwang ay ipaalam lamang sa paglabas ng Memorandum Pangkagawaran.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Maunang ipalabas ang Memorandum na ito upang magabayan ang lahat para sa paghahanda ng mga pampaaralan, pandistrito, pang-*cluster* at Pansangay na patimpalak sa buwan ng Agosto. Kalakip nito ang mga kategorya at mga alituntunin ng mga gawain sa naturang pagdiriwang.

4. Ang **pampaaralan at pandistritong paligsahan** ay manatili at ang pagsasagawa ng mga gawain ay maaayon sa pagpaplano ng punungguro at koordineytor sa Filipino ng bawat paaralan at ng Tagamasid Pampurok ng bawat distrito. Ang panalo lamang ng unang puwesto para sa lahat na kategorya sa pandistritong paligsahan ang lalahok sa pang-*cluster* na paligsahan *via video presentation.*

5. Magkasabay na isasagawa ang **Pang-*cluster* na paligsahan** para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018 ng Antas Elementarya at Sekundarya sa Agosto 24, 2018 sa pangunguna ng Tagapangulo:
   a) Cluster 1 – Piñan – Dr. Glenda Gudmalin
   b) Cluster 2 – Manukan II – G. Benedicto Tomales
   c) Cluster 3 – Ponot – Dr. Merilyn L. Tabarno
   d) Cluster 4 – Salug II- Dr. Lecita Tubal
   e) Cluster 5- Labason – Dr. Reymaldo Alcala

6. Para sa Patimpalak ng Sekundarya, mula sa **pampaaralang patimplalak** ang panalo ng unang puwesto sa lahat ng kategorya ay kukunan ng *video* at maging opisyal na *entry* sa **pang-*cluster* na paligsahan.** Walang pandistritong patimpalak ng Sekundarya dahil kaunti lamang ang

7. Higit na ipinapaalala ang pagbibigay-diin sa patakarang *"Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance Therewith" ng DepEd Order No.*9, s. 2005.

8. Sa taon na ito ay maaaring kakaiba ang pagsasagawa ng mga paligsahan sa paraang kakaunti lamang ang gastos at maiwasan ang pag-alis ng mga kalahok at Tagasanay mula sa klase, kaya simulan ang pagpapa-iral ng pag-*video* sa mga kalahok sa kanilang pagtatanghal at ang *video* na ito ang isumite para sa paghahatol sa pang-*cluster* na kompetisyon. Matapos ang pandistritong patimpalak ay maaari ring mag-video muli para sa panalo ng unang puwesto upang mas mahasa pa ang lalahok sa pang*cluster* na kompetisyon. Hindi na pupunta ang kalahok at Tagasanay sa araw ng pang-*cluster na* kompestisyon dahil *video* ng pagtatanghal ang hahatulan sa antas ng kompetisyon na ito. Ang *video* (Elementarya at Sekundarya) ay dapat maisumite sa Tagapangulo ng *Cluster* sa Agosto 23, 2018.

9. Ang Pansangay Na Gawain Sa Buwan Ng Wika 2018 ay isasagawa sa Polanco Central School sa Agosto 31, 2018. Ang *video* ng mga panalo ng una, ikalawa at ikatlong puwesto para sa lahat na kategorya sa pang-*cluster* na paligsahan ay isumite sa Tagamasid Pansangay sa **Agosto 30, 2018**. Ang mga komite at Tagahatol sa kompetisyong ito ay ipaalam lamang sa kasunod na Memorandum kasabay ng mga karagdagang impormasyon hinggil sa gawain.

10. Ang gastusin sa mga *supplies* (medal at tropeo, sertipiko atbp.), panaghalian at dalawang meryenda ng mga komite, tagahatol at mga tagapamahala, pamasahe ng mga komite at mga tagahatol mula at pabalik sa pinanggalingan at iba pang gastusin para sa Pansangay Na Gawain na isasagawa sa Polanco Central School ay kukunin mula sa pondo ng Sangay (CID Funds) na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

11. Ang pamasahe ng mga kalahok at mga komite sa pandistrito at ng mga Tagahatol sa pang-*cluster na* paligsahan mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

12. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD, CSEE**
Tagapamanihala Ng Sangay

**Kalakip ng Memorandum Para sa Buwan ng Wika 2018 s. 2018**

I. **Mga Kategorya ng Paligsahan Sa Buwan ng Wika 2018 (Baitang 1-12)**

1. **Masining na Pagkukuwento (Baitang 1) – (3-5 minuto)**

- Pagpili ng kuwento ----------------= (10%)
- Pagsasalita ------------------------ (15%)
- Pagbibigay-kahulugan o interpretasyon - (40%)
- Personalidad/kakayahan sa pagkukuwento (30%)
- Reaksiyon ng tagapakinig ------------ ( 5%)

2. **Deklamasyon – (Baitang 2) -(3-5 minuto)**

- Pagsasalita ---------------------------------------- - 40%

  - Uri ng Tinig --------------- -- 10%
  - Pagbibigkas ----------------- 15%
  - Balarila ------------------- 15%

- Personalidad at Kakayahan ------------------------- 60%

3. **Paligsahan sa Pag-awit – OPM minus one (Baitang 3) – isang kalahok**

1. Ang bawat seksyon ng nasabing Baitang ay pipili ng isang kinatawan na magsisilbing kalahok.
2. Malayang makapipili ang bawat kalahok ng isang awiting Filipino na magpapaalala ng ating pagka-Filipino.
3. Ang bawat kalahok ay inaasahang maghanda ng kani-kanilang minus one tape o CD.
4. Inaasahan na ang lahat ng mga kalahok ay maghahanda ng kanilang kasuotang angkop sa kanilang napiling awitin.
5. Ipinapaalala na ang pasya o hatol ng lupon ng inampalan ay pinal at di -maipaghahabol o mababago.

**Pamantayan para sa Paghuhusga:**

Tonal/Voice Quality ---------------- **35%**

Diction ---------------- 15%

Costume ---------------- **5%**

Choice of Song ---------------- 15%

Timing ---------------- **30%**

4. **Talumpati (Baitang 4)**

**Ang bawat kalahok ay pipili ng sariling piyesa ng talumpati**

**Krayterya:**

Nilalaman/kaugnayan sa paksa ----------------------------35%

Pagbigkas (diin,tono) ---------------------------------- 30%

Paraan ng paglalakad (Kumpas, kilos, pang-akit at istilo ------- 25%

Pagkakatanghal (dating sa manonood) -------------------- 10%

5. **Radio Braodcasting – limitado para lamang sa may newsletter/tabloid na mga paaralan. Isumite lang din ang inirekord na performans ng mga kalahok sa Tagapangulo ng Cluster (Agosto 23, 2018). Sundin ang tuntunin ayon sa DepEd Order No. 200,s. 2017 p. 40**

6. **Katutubong Sayaw –(Baitang 6)**

## II.MGA KATEGORYA NG PALIGSAHAN SA BUWAN NG WIKA 2018
**(Baitang 7-12)**

1. Pagbigkas Ng Tula –( isang kalahok mula sa Baitang 7)

Piyesa ng Tula ------------------ 10%
Pagkasaulo --------------------- 30%
Dating sa Madla ----------------- 10%
Bigkas at Tinig ------------------ 25%
Kumpas at Ekspresyon ng mukha ----- 25%

2. **Balagtasan (Baitang 8)**

**Pipili ng orihinal na piyesa ni PAT VILLAFUERTE ang mga kalahok at Tagasanay**

1. **Pamantayan (Balagtasan)**

2.1)Piyesa -------------------------- 60%
- a. Paglinang ng paksa - -------30%
- b. Pagtatagpo ng katwiran-------15%
- c. Kahusayan ng mga katwiran-15%

2.2)Pagbigkas---------------------- --40%
- a. Linaw sa pagbigkas-------15%
- b.Tindig sa entablado -------15%
- c.Kasuotan --------------10%

3. **Interpretatibong Pagbasa –(Baitang 9)**

Sundin ang Panuntunan para sa Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino 2018 na natanggap mula sa Region (separate sheet)

4. **Madulang Sabayang Pagbigkas – (Baitang 10)**

a) Magkaroon ng 12-15 na kalahok ang bawat koponan.

b) Pipili ng sariling piyesa ang bawat koponan ng kalahok

c) Pinahihintulutan ang paglalapat ng himig,tunog, at ang pagkaroon ng koryograpi.

d) Mahalaga sa madulang sabayang pagbigkas ang tinig, bigkas, pormasyon, blaking, ekspresyon, imahinasyon, interpretasyon, damdamin, tamang pagbigkas at larawang-diwa.

e) Maglapat ng sariling sining.

f) Pito hanggang sampung minuto lamang ang pagtatanghal.

g) Bawat lalabis na minuto ay kabawasang isa (1) punto na tatamuhin mula sa hurado.

h) Tatanggapin ang anumang kasuotang angkop sa piyesa.

**Pamantayan:**

a) **Interpretasyon – 60%**

-orkestrasyon ng tinig – 40% (pagkahalu-halo, pagkakasabay-sabay, pagbuo, lakas, taginting, tempo, uri ng tinig at kaangkupan sa diwa ng piyesa)

-Koryograpi -------- 10%

-Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha – 10%

Zamb... norte

# MGA PANUNTUNAN PARA SA PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO 2018

**Kategorya:**

A. Dagliang Talumpati
B. Interpretatibong Pagbasa

## A. Patnubay sa Kalahok

1. Dagliang Talumpati

### A. Kalahok

- Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa Senior High School.
- Ang nararapat lumahok sa patimpalak ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino 2017
- Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay

### B. Panuntunan

- Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan
- Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok
- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 segundo | - | .5 puntos |
| 31-60 segundo | - | 1 puntos |
| 61 segundo – pataas | - | 2 puntos |

- Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.
- *"Corporate attire"* ang inaasahang kasuotan ng kalahok

### C. Pamantayan

Katapatan – (35%)
    Kaugnayan sa paksa – 20%
    Pagbibigay – diin 0 damdamin – 15%
Hikayat – (25%)
    Dating sa madla – 5%
    Kakanyahang pantanghalan – 5%
    Kilos, galaw, kumpas – 10%
    Expresyon ng mukha – 5%
Tinig - (20%)
    Lakas – 5%
    Taginting – 5%
    Kaangkupan ng diwa at damdamin – 10%
Bigkas - (20%)
    Matatas at maliwanag – 10%

Wastong pagbubukod ng salita – 5%
Diin/himig – 5%

2. **Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)**

A. **Mga Kalahok**
   a. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
   b. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino
   c. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay

B. **Panuntunan**
   a. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
   b. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok
   c. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
   d. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda
   e. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok
   f. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin
   g. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa
   h. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt
   i. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok
   j. Walang anumang "*props*" o kagamitan, background music at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok
   k. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib

C. **Pamantayan**
   a. **Katapatan – 40%**
      a. Pagpapalutang ng diwa – 20%
      b. Pagbibigay –diin sa damdamin -20%
   b. **Hikayat – 20%**
      a. Pang-akit sa madla -5%
      b. Pagbibigay buhay sa tauhan -5%
      c. Tindig -5%
      d. Kumpas/Kilos -5%
   c. **Bigkas – 20%**
      a. Matatas at maliwanag – 10%
      b. May pagbubukod-bukod ng mga salita – 5%
      c. May wastong diin at intonasyon – 5%

   d. **Tinig – 20%**
      a. Lakas – 5%

b. Taginting – 5%
c. Kaangkupan ng diwa at damdamin–15%

**Paalala:** **Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.**

**Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area.**

**Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.**

**Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.**

**KASUNDUAN:** **ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.**

Kalakip ng Memorandum sa Buwan ng Wika 2018

**MGA PAMATAYAN SA PAGHATOL NG KATUTUBONG SAYAW (BAITANG 6)**

1. **Kasanayan sa pagsayaw ------- 30%**
2. **Koreograpiya - - - - - - - - - - - - -- 20%**
3. **Kaaya-aya o kagiliw-giliw - - - 20%**
4. **Kahirapan ng mga galaw - - - -20%**
5. **Kasuotan - - - - - - -- - - - - - - - -10%**

**100%**